# See you on Sunday

## Tinawag upang Magtipon-tipon

WEEK 1

### WARM-UP

- Ano ang ilan sa mga paborito mong *group activity*?
- Sa tingin mo ba ay *introverted* ka o *extroverted*? Ano ang ginagawa mo kapag nalalagay ka sa mga sitwasyong hindi ka komportable?
- Ibahagi ang grupo na tiyak na pupuntahan o kakausapin mo—mga taong madalas mong kausapin at balitaan tungkol sa mga nangyayari sa iyo. Paano mo sila naging kaibigan?

### WORD

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.*

**MGA GAWA 2:42**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:43–47.**)

Isipin mo na isa ka sa mga unang disipulo ni Jesus at bahagi ka ng sinaunang iglesya. Kahit hindi inaasahang magsasama-sama sila, marami silang pinagdaanan bilang isang grupo—mula sa tawag na sumunod kay Jesus hanggang sa Kanyang kamatayan, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit, hanggang sa pagiging puspos ng Banal na Espiritu. Ngayon, ang grupo nila—ang iglesya, ang mga tinawag—ay patuloy sa paglago sa bawat paglipas ng araw. Marahil ay pareho itong nakakapanabik at nakakakaba. Nagpatuloy sila sa pagsunod kay Jesus, nakaranas ng pagbabago sa kanilang buhay, at hindi nagtagal ay nagdala sila ng pagbabago sa buong mundo. Sila ay tinawag at inatasan ng Diyos para sa isang layunin na maaari lamang maisakatuparan kung sila ay magsasama-sama. Ito ang talagang disenyo ng Diyos para sa iglesya—isang pagtitipon-tipon o pagsasama-sama ng mga tao. Sa araling ito, titingnan natin ang mga karanasang magkakasama nilang pinagdaanan bilang isang komunidad at ang mga resulta nito.

## 1 Ang sinaunang iglesya ay nagtipon-tipon.

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.* **MGA GAWA 2:42**

Ang mga disipulo—ang mga dati pa at ang mga bago—ay itinuon ang kanilang mga sarili sa pinakamahalagang bagay: ang kilalanin ang Diyos at maging bahagi ng isang komunidad. Nagsumikap sila para magtipon-tipon at sama-samang lumago. Sa tingin mo, bakit ito mahalaga? Ano sa tingin mo ang mangyayari kung mawala natin ito?

## 2 Naranasan ng sinaunang iglesya ang Diyos nang sama-sama at sa pamamagitan ng bawat isa.

*43 Maraming himala at kamangha-manghang ginawa ang Diyos sa pamamagitan ng mga apostol. Kaya namuhay ang mga tao nang may paggalang at takot sa Diyos. 44 Maganda ang pagsasamahan ng mga mananampalataya, at pinag-isa nila ang kanilang mga ari-arian para makabahagi ang lahat. 45 Ipinagbili nila ang kanilang mga lupa at mga ari-arian, at ang pera'y ipinamahagi nila sa kanilang mga kasama ayon sa pangangailangan ng bawat isa. 46 Araw-araw, nagtitipon sila sa templo at naghahati-hati ng tinapay sa kanilang mga bahay. Lubos ang kagalakan nila sa kanilang pakikibahagi sa pagkain . . .* **MGA GAWA 2:43–46**

Habang itinuon nila ang kanilang mga sarili sa Diyos, naranasan nila ang Kanyang kapangyarihan at mga himala. Naging tapat sila rito, at patuloy nilang nakasama ang Diyos (Mateo 18:20). Bilang isang komunidad, naranasan nila ang Diyos sa pamamagitan ng bawat isa. Tinulungan nila ang isa't isa na makilala ang Diyos at ang Kanyang salita, ibinahagi nila ang kanilang buhay sa bawat isa, at tinugunan nila ang pangangailangan ng bawat isa. Sa tingin mo, ano ang matututunan ng ating iglesya mula sa karanasan ng sinaunang iglesya.

## 3 Ang sinaunang iglesya ay nakakuha ng pabor mula sa komunidad sa kanilang paligid.

*. . . at palagi silang nagpupuri sa Diyos. Nagustuhan sila ng lahat ng tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililigtas.* **MGA GAWA 2:47**

Nararanasan natin ang Diyos bilang isang komunidad. Hindi lamang ito nagdudulot ng ating espiritwal na paglago, kundi nagiging dahilan din ito upang makilala ng iba ang Diyos. Dahil ipinahayag ng sinaunang iglesya ang Diyos sa iba, sila ay nakatanggap ng pabor mula sa kanilang komunidad. Dahil dito, araw-araw ay maraming tao ang nakakakilala sa Diyos. Bilang bahagi ng Iglesya sa kasalukuyang panahon, paano tayo nakikinabang mula sa ginawa ng sinaunang iglesya? Ano ang papel na ginagampanan ng Iglesya sa mundong nagmamasid sa kasalukuyan?

## APPLICATION

- Paano mo pinahahalagahan ang pagtitipon-tipon bilang isang iglesya? Paano mo ito maipapahayag linggo-linggo sa pamamagitan ng iyong salita at gawa?
- Sa anong komunidad o mga komunidad mo naranasan ang Diyos? Paano ka natulungan ng komunidad na ito sa iyong espiritwal na paglago? Paano mo natulungan ang iba sa kanilang ugnayan sa Diyos?
- Ano ang panalangin mo para sa iyong lokal na iglesya at para sa pangkalahatang Iglesya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa komunidad kung saan ka Niya inilagay. Magbigkas ng pagpapala para sa kanila.
- Ipanalangin na mananatili ka at patuloy mong mararanasan ang presensya ng Diyos bilang bahagi ng isang komunidad.
- Ipanalangin na makatanggap ng pabor ang iyong iglesya mula sa mga komunidad sa paligid nito, maipangaral ang ebanghelyo, at mas marami pang tao ang madagdag sa Iglesya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Varsha Daswani

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.